

MULA SA EDITOR

Sinisimulan sa isyung ito ng *Daluyan*, Journal ng Wikang Filipino ang paglipat sa sistemang *online, open access*. Sa gayon, kasama na ang journal ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) sa iba pang journal ng UP Diliman na aksesibol sa higit na malawak na komunidad ng mga iskolar sa bansa at sa mundo na binubuksan ng internet. May bago ding lupon ng mga tagapayong editoryal na internasyonal ang komposisyon.

Sa isyung ito ay itinatampok ang dalawang papel na resulta ng pananaliksik na bahagi ng programang Gawad Saliksik-Wika ng SWF, ng dalawang fakulti ng Kagawaran ng Linggwistiks ng UP Diliman. Ang "Dayalektolohiya ng Inonhan sa Isla de Carabao, Romblon" ni Jem R. Javier at ang "Pang-ukol sa Filipino," ni Dr. Jonathan C. Malicsi.

Pinatutunayan ng *field research* ni Javier na hindi magkakaiba ang mga salita ng bawat sityo ng Isla de Carabao, taliwas sa haka-haka. Sa katunayan, "magkakalapit ang mga *speech habit* ng mga nakatira sa lahat ng sityo ng Isla." Natutukoy ng pag-aaral ang limang dayalekto na katangi-tangi sa lugar na ito at ang posibilidad na may iba pang varayti ng Inonhan. Bukod sa dokumentasyon at pagsusuri sa pagkakaroon ng mga dayalekto sa isang lugar, makabuluhan ang pag-aaral na ito para sa mga hindi pamilyar sa mga paksang panglingguwistika sapagkat sa simple at madaling maintindihang paliwanag ay nailalarawan ni Javier ang penomenon ng multilingguwalismo sa isang pook na dumaranas ng mga pagbabagong pangkabuhayan nito at ng karatig na lugar ng maturistang Boracay.

Ang pagsusuri ni Dr. Malicsi ay mahalaga sa pangmatagalang gawain ng pagbubuo ng grammar ng wikang Filipino. Sa partikular, ang kagyat na benepisyo ng pagsusuring ito ay nakasalalay sa masusing pagpapaliwanag ng maselang pagkakaiba-iba ng mga pang-ukol, bukod sa integratibong bisa ng pagtalakay na may praktikal na gamit para sa mga nagtuturo ng Filipino at nagsasalita nito. Binubuksan din nito ang marami pang paksa ng pagsusuri tungkol sa pang-ukol sa wikang Filipino.

Maisasama sa lalong mahusay na paglalapat ng preymwork ng Pangkulturang Pag-aaral sa Pilipinas ang pagsusuri ni John E. Barrios sa kinolekta niyang kuwentong “pataasan,” sa probinsiya ng Aklan. Sa tanglaw ng pananaw ni Michael Bakhtin ay nailalantad ng panunuri ni Barrios ang galaw ng kapangyarihang sinasalungat at nilalabanan ng mga nasa ilalim ng hirarkiya. Isinisiwalat ng panunuri ang “kapangyarihan” ng pananagisag ng ari at dumi sa nakakubling layuning “mabuo ang katawan at kaalaman ng lahing Pilipino.”

Bahagi pa rin ng interdisiplinaryong karakter ng *Daluyan* ang dalawang papel tungkol sa bata at panitikang pambata, na ang huli ay isa pa ring nasa gilid ng pampanitikang pag-aaral sa bansa. Ang papel ni Dr. Amaryllis T. Torres ay talumpating keynote sa Pangatlong Pambansang Kumperensya ng Pilandokan, Inc. at ng National Commission for Culture and the Arts noong 2010. Unang karanasan ni Dr. Torres na magsulat at magtalumpati sa wikang Filipino, kakaiba sa nakagawian niyang paggamit ng Ingles, mapapatunayan ng babasa kung gaano lalong may talab at kurot ang wika, sa pagtalakay ng mga panlipunang realidad na katulad ng karanasan ng mga batang manggagawa sa Pilipinas. Sa kombinasyon ng field research at dokumentasyon ay buháy na naisalaysay ni Dr. Torres ang búhay ng mga batang manggagawa na sa kaniyang sariling pagsipat ay “May timpla ng drama, katatawanan, at pantasya... na sa kabuuan ay matingkad na trahedyá...”

Sinubaybayan sa sanaysay ni Dr. Eugene Y. Evasco ang lalong mahahalagang pangyayari sa panitikang pambata na may kaugnayan sa paglikha, paglalathala, at iba pa, sa pagitan ng 2000-2009. Tinutukoy sa preliminaryong pagsusuring ito ang mga lumilitaw na isyu at tunguhin sa konteksto ng mga pampanitikan at panlipunang pangyayaring may tuwiran at di-tuwirang koneksyon sa mas malaking problema ng pagpapaunlad ng panitikang pambata. May mga rekomendasyon si Dr. Evasco kaugnay nito.

Isinalin ng SWF sa wikang Filipino ang isang pag-aaral na orihinal na isinulat sa Ingles upang mabasa ng mga iskolar, guro, at mag-aaral ng Wikang Filipino. Ito ang “Komparatibong Analisis ng Aktuwal na Gamit ng Wika at mga Piling Pamantayan sa Gramatika at Ortograpiya sa Filipino, Sebwano-Bisaya at Ilokano: Lapit Batay sa Korpus,” nina Dr. Joel P. Ilao, Timothy Israel D. Santos at Dr. Rowena Cristina L. Guevara. Isang problema sa kasalukuyan ang hinaharap

ng pananaliksik nila, ang hamon ng pagkakaroon ng mga tiyak na tuntunin sa ortograpiya at gramatika sa harap ng ipinatutupad sa bansa na Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTBMLE). Unang mabisang hakbang ang sinisikap ng mga mananaliksik tungo sa paglutas ng mga kalituhan o hindi pagkakasunduan sa gamit ng wika sa aspekto ng ortograpiya at gramatika tungo sa estandardisasyon na hindi nanggagaling sa kinamihasnang preskripsyon, at sa halip ay ginagabayan ng data ng aktuwal na mga paggamit ng wika, sa tulong ng “web-mined text corpora” ng tatlong pangunahing wika. Simula pa lamang ito at inaasahang malaki ang maitutulong nito sa pagrerebisa ng mga umiiral na gabay sa kasalukuyan.

Ginawaran ng SWF si Dr. Jose V. Abueva ng pagkilala para sa kaniyang napakahalagang ginampanan sa kasaysayan ng pag-unlad ng gamit ng wikang Filipino sa Unibersidad ng Pilipinas na naglulundo sa kaniyang pagiging tagapagbuo ng institusyon. Bahagi ito ng paglingon ng SWF sa kasaysayan nito. Kaugnay nito ang panayam kay Dr. Abueva ni Jayson Petras. Dito nahuhuli ni Petras ang pulso ng panahong iyon, ang mga hinarap ni Dr. Abueva dahil sa paninindigan niya para sa wikang Filipino, at ang katatagan ng kaniyang loob. Sa isang pagtanaw, makikita rin sa panayam ang kabuuang galaw at likaw ng politika ng wika sa panahong iyon, na nag-iiwan sa kasalukuyan ng mga leksiyon at palaisipan, lalo na sa panahon ngayon na maigting pa rin ang pagsusulong sa wikang Filipino bilang wika ng edukasyon.

Rosario Torres Yu, Ph.D.
Punong Patnugot